



PAUNAWA SA PAGTIGIL NG **SERBISYO NG TUBIG**

Sa Naninirahan,

Ipinaalam ng paunawang ito na **DELINGKWENTE** ang iyong account sa Lungsod ng Ripon. Puputulin ang serbisyo ng tubig kung ang minimum na dapat bayaran sa hindi bayad na singil ay hindi mababayaran sa City Hall BAGO mag-ika-8 ng umaga (8:00 a.m.) sa araw ng pagputol ng serbisyo. Tingnan ang kalakip na bill para sa petsa ng huling araw ng pagbabayad. Dapat magbayad agad upang hindi mapatawan ng dagdag na multa.

May multang **\$27.50** sa iyong account kung hindi maka-pagbabayad BAGO mag-ika-8 ng umaga (8:00 a.m.) sa araw ng pagputol ng serbisyo, maputol man o hindi ang serbisyo.

Maaaring magbayad sa City Hall ng cash, tseke o credit/debit card o sa online gamit ang credit/debit card sa cityofripon.org.

Tumawag sa (209) 599-2108 kung may mga tanong tungkol sa paunawang ito o sa balanseng dapat bayaran.



City of Ripon
Kagawaran ng Kagamitang
Pambayan



ADDENDUM SA PAUNAWA SA PAGTIGIL NG SERBISYO

Alternatibong Paraan ng Pagbabayad:

Sinumang kostumer na hindi makapagbabayad ng serbisyo ng tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humingi ng alternatibong paraan ng pagbabayad, na maaring plano ng amortisasyon, pagpapaliban ng pagbabayad, o iba pang paraan, upang makaiwas sa mga multa sa huling pagbabayad o sa pagtigil sa serbisyo ng tubig. Dapat makipag-ugnay ang kostumer sa Lungsod nang hindi bababa sa isang linggo bago ang nakatakdang araw ng pagpuputol ng serbisyo. Isasaalang-alang ng Lungsod ang katayuan ng kostumer at sitwasyong dahilan ng pakiusap at aaprubahan o tatanggihan ang pakiusap ayon sa kanyang diskresyon.

A. Pagpapaliban ng mga Bayad:

Maaaring kontakin ng kostumer ang Finance Department upang humingi ng ekstensyon sa panahon ng pagbabayad. Sa kanyang diskresyon, ang Lungsod ay maaring magbigay ng ekstensyon nang hindi hihigit sa dalawang beses sa loob ng isang calendar year. Ang panahon ng ekstensyon ay ibibigay lamang kung ang kostumer ay kasalukuyang wala sa planong amortisasyon para sa nakaraang balanse. Itutuloy ang ekstensyon sa diskresyon ng Finance Director o ng kanyang kinatawan at hindi ito lalampas sa Huwebes ng lingo ng itinakdang araw ng pagtigil ng serbisyo.

B. Planong Amortisasyon:

Ang pinagkasunduang paraan ng pagbabayad upang mabayaran ang mga hindi bayad na singil sa panahong tinukoy ng kostumer, na hindi lalampas as 12 buwan, ay itutuing na plano ng amortisasyon sang-ayon sa layunin ng patakarang ito. Ang planong amortisasyon ay dapat na nasusulat at nilagdaan ng kostumer. Ang halaga ng amortisasyon ay isasama sa at ipapailalim sa parehong due date ng regular na bill ng kostumer. Dapat sundin ng kostumer ang mga takda ng planong amortisasyon at manatiling bayad sa kasalukuyang mga singil dahil sa ang mga ito ay mag-a-accrue sa bawat kasunod na bill kapag hindi nabayaran. Hindi makahihingi ng pagpapalawig ng amortisasyon kapag nagkaroon ng sumunod pang hindi bayad na singil habang nagbabayad ng delinkwenteng singil sa ilalim ng planong amortisasyon.

C. Hindi Pagtupad sa Pinagkasunduang Alternatibong Paraan ng Pagbabayad:

Ang hindi pagtupad sa mga itinakda ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay mangangahulugan ng pagpapadala ng pinal na paunawa ng pagtigil ng serbisyo ng tubig. Ang pinal na paunawa ay ipapaskil sa isang hayag na lugar sa tirahan ng kostumer nang hindi bababa sa 5 araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo. Upang maibalik ang serbisyo, kailangang magbayad ng buong balanseng hindi nababayaran sa pinagkasunduang alternatibong paraan ng pagbabayad at iba pang hindi bayad na singil.

Pagtutol o Pag-apela sa Bill:

Maaring magsumite ang kostumer ng pormal na pagkontesta o hiling ng pag-apela sa bill sa Administrative Officer o sa kanyang kinatawan. Ang kontesta o apela ay dapat maisumite sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng bill. Pagkatanggap ng apela, rerebisahin ng Administrative Officer ang apela at sasagutin ito sa loob ng 10 araw ng trabaho. Kapag nagsumite ng dispute ang kostumer tungkol sa bill at nag-apela sa Administrative Officer, o sa kanyang kinatawan, hindi maaring putulin ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad habang ang apela ay nakabinbin.

Translations:

* Visite nuestra oficina o sitio web para obtener una traducción de este aviso.

* 请访问我们的办公室或网站，以获取本通知的翻译。

* Mangyaring bisitahin ang aming opisina o website para sa isang pagsasalin ng paunawa na ito.

* Vui lòng truy cập văn phòng hoặc trang web của chúng tôi để dịch bản thông báo này.

* 이 통보서를 번역 할 사무소 나 웹 사이트를 방문하십시오.